# Mesias



## WARM-UP

- Magkwento tungkol sa kung paano ipinagdiriwang ng pamilya mo ang Pasko. Ano ang isang tradisyon na ginagawa ninyo taun-taon.
- Naranasan mo na bang mawalan ng isang parsela o isang bagay na binalot mo at ipinadala sa ibang lugar? Nakarating pa rin ba ito sa dapat makatanggap nito? Ano ang nangyari?
- Balikan ang isang panahon sa buhay mo na pakiramdam mo ay katangi-tangi o espesyal. Ano ang dahilan kung bakit naramdaman mo ito?

## WORD

*[30]Marami pang himalang ginawa si Jesus na nasaksihan ng mga tagasunod niya ang hindi naisulat sa aklat na ito. [31]Pero ang nasa aklat na ito'y isinulat upang sumampalataya kayo na si Jesus nga ang Cristo, ang Anak ng Diyos. At kung sasampalataya kayo sa kanya, magkakaroon kayo ng buhay na walang hanggan.*

**JUAN 20:30–31**

Sa mga nakaraang linggo, binubuksan natin ang regalo na si Jesu-Cristo, ang regalo ng Diyos sa buong mundo. Ang regalong ito ay ang Diyos Mismo at ang perpekto o walang anumang kamalian na pakikipag-usap ng Diyos sa sangkatauhan. Siya ang Tupa ng Diyos na isinakripisyo upang tanggalin ang mga kasalanan ng mundo. Siya ang daan tungo sa langit at ang daan upang maranasan natin ang kaharian ng langit dito sa lupa. Si Jesus ang perpektong Tagapagligtas na Hari na kailangan ng mga tao, na mamumuno nang may katarungan, kapayapaan, at katuwiran. Sa Kanya, mayroong buhay na walang hanggan, kung saan kabilang din ang kapangyarihang ipamuhay ang ganap na buhay na nais ng Diyos na maranasan natin dito sa mundo. Ito ang perpektong regalo para sa Pasko na dapat matanggap ng mga tao. Ngayon, titingnan natin

kung paano natin matatanggap ang regalong ito at mararanasan ang mga benepisyo ng pagkakaroon ng buhay sa Kanya.

## 1 Natatanggap natin si Jesus bilang regalo sa pamamagitan ng paniniwala sa Kanyang pangalan.

*Pero ang nasa aklat na ito'y isinulat* ***upang sumampalataya kayo na si Jesus nga ang Cristo, ang Anak ng Diyos****. At* ***kung sasampalataya kayo sa kanya, magkakaroon kayo ng buhay na walang hanggan****.* **JUAN 20:31**

Binayaran ni Jesus ang ganap na halaga upang makilala at maranasan natin ang katotohanan ng Diyos. Ibinibigay ng Diyos ang Kanyang regalo sa atin nang walang kabayaran. Gaya ng isinasaad sa Bibliya, natatanggap natin ang Kanyang regalo sa pamamagitan ng pagsampalataya o paniniwala sa Kanyang pangalan. Siya ang Anak ng Diyos na paparito sa mundo mula sa langit bilang isang tao. Siya ang Cristo, ang Tagapagligtas na Hari. Ang sakripisyo Niya ay sapat na upang bayaran ang lahat ng ating mga kasalanan. Naniniwala tayo na muli Siyang nabuhay mula sa pagkakalibing at ngayon ay karapat-dapat na maghari sa langit at sa lupa. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Efeso 2:8–10 tungkol sa kaugnayan ng kaligtasan at mabubuting gawa?

## 2 Natatanggap natin si Jesus bilang regalo sa pamamagitan ng pagkilala sa katauhan Niya at sa ginawa Niya para sa atin.

*Pero **ang nasa aklat na ito'y isinulat upang sumampalataya kayo** na si Jesus nga ang Cristo, ang Anak ng Diyos. At kung sasampalataya kayo sa kanya, magkakaroon kayo ng buhay na walang hanggan.* **JUAN 20:31**

Nasaksihan ni apostol Juan ang pagsabi at paggawa ni Jesus ng maraming bagay, kabilang na dito ang mga nangyari sa muling pagkabuhay—ang pinakamahalagang katotohanan ng ebanghelyo. Pinili ni Juan ang mga kwento at katotohanan tungkol kay Jesus na alam niyang dapat malaman ng kanyang mga mambabasa. Ang unang hakbang sa pagtanggap kay Jesus ay sa pamamagitan ng pag-alam sa kung sino Siya at kung ano ang ginawa Niya para sa atin. Ngunit, hindi natin ito dapat sarilinin. Dapat din itong malaman ng iba pa upang sumampalataya rin sila kay Cristo at makatanggap ng buhay na walang hanggan na nais Niyang ibigay. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 10:13–17 tungkol sa kahalagahan ng pagbabahagi sa iba ng mabuting balita tungkol kay Jesu-Cristo?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na si Jesus ang regalo ng Diyos sa mundo? Paano ka naniwala sa Kanya para sa iyong kaligtasan? Kung hindi mo pa ito nagagawa, gusto mo bang tanggapin ang regalong ito ngayong araw?
- Ngayong nakilala at naniniwala ka na kay Jesu-Cristo, paano nakakatulong ang pamumuhay mo para maakay ang ibang tao patungo sa Kanya?
- Paano mo maipapaliwanag sa isang kaibigan kung sino si Jesus at kung ano ang ginawa Niya para sa atin? Kanino mo ito maibabahagi sa susunod na linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa buhay na walang hanggan na naging posible at maaaring matanggap dahil kay Cristo. Ipanalangin na matagpuan mo ang kagalakan kay Cristo ngayong Pasko.
- Hilingin sa Diyos na tulungan kang mas makilala Siya upang mas lumalim pa ang pananampalataya mo sa Kanya. Ipanalangin na tanggalin ng Diyos ang mga bagay na nagiging hadlang upang maranasan mo ang ganap na buhay kay Cristo.
- Magpasalamat sa Diyos para sa inireregalo Niyang buhay na matatagpuan at maisasapamuhay sa pamamagitan ni Jesus, ang pinakadakilang himala sa lahat. Ipanalangin na ikaw at ang mga tao sa paligid mo ay maakay patungo sa Tagapagbigay ng himala, at hindi lamang sa mga nagaganap na mga himala.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Romeo Mercado

victory.org.ph